California School DASHBOARD

Pagkalkula ng mga Pagbabago sa Rate ng Pakikilahok sa Pang-akademya na Tagapagpahiwatig para sa Dashboard

Hinihingi ng Batas na Magtatagumpay ang Bawat Estudyante (The Every Student Succeeds Act, ESSA) na tasahin ng lahat ng estado ang kahit 95 porsiyento lang ng lahat ng estudyante at mga grupo ng estudyante sa sining/karunungang bumasa't sumulat ng wika (English language arts/literacy, ELA), matematika, at agham. Hinihingi rin nito ang lahat ng estado na impluwensyahan ang rate ng pakikilahok sa kanilang sistema ng pananagutan, na, para sa California, ay ang Pang-akademya na Tagapagpahiwatig. Nakabatay ang Pang-akademya na Tagapagpahiwatig sa Mas Matalinong Balanse na Kabuuang mga Pagtatasa (Smarter Balanced Summative Assessments) at sa Kahaliling mga Pagtatasa (Alternate Assessments) ng California para sa ELA at matematika. Kasalukuyan itong ***hindi*** kasama ng mga pagtatasa sa agham.

Para sa anumang lokal na ahensyang pampaaralan (local educational agency, LEA), paaralan, o grupo ng estudyante na may mas mababa sa 95 porsiyento na tinasang mga estudyante, hinihingi ng ESSA na magpataw ng multang ilalapat sa Pang-akademya na Tagapagpahiwatig. Para matugunan ang pederal na pangangailangang ito, **mula sa 2022 Dashboard**, itatalaga ng California ang Pinakamababang Maaabot na Iskor sa Iskala (Lowest Obtainable Scale Score, LOSS) sa bawat estudyante na kakailanganin para umabot sa 95 porsiyento ang rate ng pakikilahok ng paaralan, distrito, at/o grupo ng estudyante. Gagamitin ang itinalagang LOSS sa bawat isa sa mga estudyanteng ito na hindi nasuri sa pagkalkula ng Distansya mula sa Pamantayan (Distance from Standard, DFS). Tandaan na nagaganap lang ang pagtatakda ng LOSS sa mga hindi tinasang estudyante kapag nakalkula ng CDE ang Pang-akademyang Tagapagpahiwatig ng Dashboard. Ang mga estudyanteng hindi nagpatasa ay ***hindi*** matatanggap ang LOSS sa kanilang indibidwal na mga ulat ng iskor ng estudyante sa Pagtatasa ng Pagganap at Pag-unlad ng Estudyante sa California (California Assessment of Student Performance and Progress, CAASPP) o sa Data File ng Iskor ng Estudyante sa CAASPP.

2022 Dashboard sa Pagkalkula ng Rate sa Pakikilahok Gamit ang Bagong Pamamaraan

Tumitingin ang **bagong** pamamaraan sa bilang ng mga estudyanteng kailangan para umabot sa 95 porsiyento ang rate ng pakikilahok ng LEA, paaralan, o grupo ng estudyante. Itatalaga sa bawat isa sa mga estudyanteng ito ang DFS batay sa pagtatalaga ng iskor sa LOSS.

- Para sa ELA, ilalapat ang DFS na −277 sa bawat estudyante na itinalaga ang LOSS.
- Para sa matematika, ilalapat ang DFS na −246 sa bawat estudyante na itinalaga ang LOSS.

Halimbawa ng LEA Gamit ang *Naunang* Pagkalkula ng Multa sa Rate ng Pakikilahok para sa ELA

Impormasyon ng LEA	Pamamaraan ng Bagong Pakikilahok
Bilang ng mga estudyanteng naka-enroll sa panahon ng pagsusuri mula sa ikatlo hanggang ikawalong grado at ika-labing-isang grado at kwalipikadong lumahok sa mga pagtatasa na summative at alternatibo ng ELA	355 estudyante
Bilang ng mga estudyante na kailangang masuri para maabot ang 95 porsiyentong tinatarget na rate ng pakikilahok	338 estudyante (355 × 0.95 = 337.25 ni-round sa 338)
Bilang ng mga estudyanteng nasuri	268 estudyante
Kaibhan sa pagitan ng Hilera 2 (bilang ng mga estudyanteng kailangan para maabot ang 95 porsiyento) at Hilera 3 (bilang ng mga estudyanteng nasuri)	70 estudyante (338 estudyanteng kailangan − 268 estudyanteng nasuri)
Pagkalkula ng multa sa rate ng pakikilahok	Itatalaga sa bawat isa sa 70 estudyante ang iskor na LOSS at makakatanggap ng DFS na −277 (DFS para sa ELA). **70 × (−277) = −19,390 multa**

Impormasyon ng LEA	Pamamaraan ng Bagong Pakikilahok
Isinaayos na pagkalkula ng DFS Tandaan: Ang kabuuan ng lahat ng DFS ng tinasang estudyante, bago ang multa, ay 4,355.	4,355 (DFS nang walang multa) minus 19,390 (multa sa rate ng pakikilahok) = −15,035
Pinal na pagkalkula ng DFS	−15,035 hinati ng 338 (bilang ng estudyanteng kailangan para maabot ang 95 porsiyento na target) = −44.5 Ang DFS ng LEA ay **−44.5** puntos mula sa Naabot sa Pamantayan na Achievement Level 3.

Pamamaraan para sa Multa ng Rate ng Naunang Pakikilahok

Ang **naunang pamamaraan** (inilapat sa 2017, 2018, at 2019 na Mga Dashboard) na nakita sa **bilang ng mga puntos ng porsiyento** na ang distrito, paaralan, grupo ng estudyante ay bumaba sa 95 porsiyentong target na rate ng pakikilahok at inilapat ang 0.25 na multa sa bawat puntos ng porsiyento. Ibinawas pagkatapos ang kabuuang multa mula sa katampatan na DFS ng distrito, paaralan, o grupo ng estudyante.

Halimbawang Paggamit ng LEA ng *Naunang* Pagkalkula ng Multa sa Rate ng Pakikilahok ng ELA

Impormasyon ng LEA	Pamamaraan sa Naunang Pakikilahok
Bilang ng mga estudyanteng naka-enroll sa panahon ng pagsusuri ng ikatlo hanggang ikawalong grado at ika-labing-isang grado at karapat-dapat na lumahok sa summative at alternatibong pagtatasa ng ELA	355 estudyante
Bilang ng mga estudyanteng nasuri	268 estudyante
Rate ng Pakikilahok	268 estudyante ÷ 355 estudyante = 76%
Bilang ng puntos ng porsiyento na bumagsak ang LEA sa ibaba ng tinatarget na 95 porsiyento	95% − 76% = 19%
Pagkalkula ng multa sa rate ng pakikilahok	0.25 multa para sa bawat puntos ng porsiyento na bumagsak ang LEA sa ibaba ng tinatarget na 95 porsiyento **19 × 0.25 = 4.75 multa na puntos**
Isinaayos at pinal na pagkalkula ng DFS Tandaan: Ang katampatang DFS ng LEA, bago ang multa, ay +16.3.	+16.3 (DFS na walang multa) minus 4.75 (multa sa rate ng pakikilahok) +11.6 Ang DFS ng LEA ay **+11.6** puntos mula sa Naabot sa Pamantayan na Achievement Level 3.

Ang side-by-side na paghahambing, sa ibaba, ay itinatampok ang potensyal na epekto na magkakaroon ang bagong pamamaraan sa DFS ng LEA at mga pagtatalaga sa antas ng katayuan.

DFS na walang Multa	DFS na may Multa sa Naunang Rate ng Pakikilahok	DFS na may Rate ng Multa sa Pakikilahok noong 2022 Gamit ang LOSS
16.3	**11.6** (nananatili ang LEA sa Mataas na antas ng Katayuan)	**−44.5** (Bumagsak ang LEA mula sa antas ng Mataas na Katayuan sa antas ng Mababang Katayuan)